# HESUS

by Andrei Dionisio

**1** Kung nag-iisa at nalulumbay
Dahil sa hirap mong tinataglay,
Kung kailangan mo ng karamay
Tumawag ka at Siya'y naghihintay.

**1st CHORUS** Siya ang ‘yong kailangan,
Sandigan, kaibigan mo,
Siya ang araw mong lagi,
At karamay kung sawi,
Siya ay si Hesus sa bawat sandali.

**2** Kung ang buhay mo ay walang sigla;
Laging takot at laging alala.
Tanging kay Hesus magkakaasa;
Kaligtasan; lubos na ligaya.

**2nd CHORUS** Siya ang dapat tanggapin
At kilanlin sa buhay mo.
Siya noon bukas ngayon,
Sa dalangin mo'y tugon,
Siya ay si Hesus sa habang panahon.

**Bridge** Kaya't ang lagi mong
pakakatandaan
Siya lang ang may pag-ibig na tunay,
Pag-ibig na tunay.

**Last CHORUS** Siya ang dapat tanggapin
At kilanlin sa buhay mo.
Siya noon bukas ngayon,
Sa dalangin mo'y tugon,
Siya ay si Hesus...

**Coda** Siya ay si Hesus.
Siya ay si Hesus
Sa bawat sandali.